Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-19 NG AGOSTO, 1998, MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Heidi S. Ciriaco | Pang. Punong Bayan |
| KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR. | KAGAWAD-GUMANAP NA TAGAPANGULO |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey a. Villasenor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |

KAPASIYAHAN BLG. 105-T'98 - 3

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY NA MAPATAYO ANG BARANGAY HALL NG BARANGAY DUHAT SA DULONG DAAN NG UNANG BAHAGI NG EL REY SUBD. AYON SA KAPASIYAHAN BLG. 47-T'98 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG DUHAT.

SAPAGKA'T, iniharap at tinalakay ng Sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 47-\t'98 ng Sang. Brgy. Duhat na humihiling na mapahintulutang mapatayo ang barangay Hall nito sa dulong daan, unang bahagi ng El Rey Subd. ng nabanggit na barangay;

SAPAGKA'T, ang pagpapagawa ng naturang barangay hall ay di makalilikha ng malaking sagabal sa mga nakatayong bahay sa palibot nito, ayon sa pagsang-ayon ng mga mamamayang naninirahan dito;

SAPAGKA'T, may sapat na pondong gagamitin dito, ayon sa nilalayon ng nabanggit na kapasiyahan ng Sangguniang Barangay ng Duhat;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Kag. Angelito U. Limjuco, Kag. Jeffrey A. Villasenor at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na pagtibayin ang pagtatayo ng Barangay Hall ng Duhat sa dulong daan ng unang bahagi ng El Rey Subd., ayon sa Kap. Blg. 47-\t'98 ng Sang. Barangay ng Duhat.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad/Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN ...
RECEIVED
BY: ___
DATE ___ 8/17
... CRUZ, LAGUNA